

**Ministry ng
Edukasyon**

Ministro

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8

Ministère de l'Éducation

Ministre

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8



Mahal naming mga magulang
ng Ontario,

Sumusulat ako sa inyo sa hindi pangkariwang panahon.

Ang pangunahing prayoridad ng pamahalaan ay panatilihing ligtas ang lahat ng taga-Ontario, kasama ang ating mga mag-aaral at tagapagturo. Sa pakikipagtulungan sa ating mga katuwang at sa lahat ng antas ng pamahalaan, gagawin namin ang kinakailangan upang gawin ang inuutos na ito.

Simula nang una naming nalaman ang tungkol sa COVID-19, masigasig na sinusubaybayan ng Ontario ang nagbabagong sitwasyon upang protektahan ang kalusugan at kapakanan ng lahat ng taga-Ontario. Gumawa rin kami ng aksyon na may tiyak na resulta upang matiyak na maging handa ang probinsya para sa anumang mga pangyayari.

Kaya noong Marso 12, 2020, batay sa payo ni Dr. David Williams, Pinunong Opisyal na Pangmedikal ng Kalusugan ng Ontario, ako ay naglabas ng Utos ng Ministry na isara ang lahat ng paaralang pinopondohan ng pamahalaan sa probinsya hanggang Abril 6, 2020. Gumawa ang ating pamahalaan ng aksyon na may tiyak na resulta — na isara ang mga paaralan ng isa sa mga unang hurisdiksyon sa maunlad na mundo — na may layuning iwasan ang pagkalat ng COVID-19.

Kami rin ang unang probinsya sa Canada na nagdeklara ng state of emergency. Ang pagdedeclarang ito sa ilalim ng **Pamamahala ng Emergency at Batas sa Pagprotekta sa Mamamayan** ng Ontario ay pinahuhusay ang kakayahan ng probinsya upang suportahan ang ating matatayang na frontline worker habang ipinagpapatuloy nilang harapin nang buo ang hamon na ito.

Habang kapansin-pansing walang katiyakan ang panahong ito, umaasa ako na kahit papaano ay makakapagbigay ang sulat na ito ng mga sagot sa ilang mga tanong na alam kong mayroon ang maraming magulang.

Bagaman malawakang inilalarawan at pinag-uusapan ang virus na ito tungkol sa mga pisikal na epekto, naniniwala akong kailangan nating tanggapin at tugunan ang pagkatakot at pagkabahala na maaaring nararamdaman ng inyong mga anak, lalo na para sa ating mga mas batang mag-aaral. Direkta naming narinig mula sa marami sa kanila at sa kanilang mga magulang na nanggagaling ang mga reaksyong ito mula sa isang lugar ng kawalang katiyakan at nadagdagang pagkakalantad sa media na humahantong sa mas maraming tanong kaysa sa mga sagot.

Sa panahong ito, hinihikayat ko kayong patuloy na magkaroon ng bukas na mga pakikipag-usap sa inyong mga anak tungkol sa COVID-19 at tanggapin ang kanilang mga reaksyon sa panahong ito — gayunpaman ang pagiging emosyonal — ay nauunawaan at normal. Maraming mapagkukunan na magagamit ninyo at ng inyong mga anak, lalo na ang [Kids Help Phone \(Telepono para sa Tulong sa Bata\)](#), ang natatanging 24/7 na pambansang serbisyo ng suporta ng Canada. Nagbibigay sila ng propesyonal na pagpapayo, impormasyon at mga referral at suporta na pinangungunahan ng volunteer at batay sa teksto sa mga bata sa parehong Ingles at Pranses. Mangyaring bisitahin ang kanilang website sa: www.kidshelpphone.ca, tumawag sa: 1-800-668-6868, o i-text ang CONNECT sa 686868.

Habang prayoridad ko ang kalusugan at kaligtasan ng inyong mga anak, alam ko rin na karamihan sa inyo ay nagtatataka kung paano namin titiyaking magpapatuloy ang mga mag-aaral sa kanilang landas tungo sa pag-aaral habang wala sa silid-aralan.

Bilang unang hakbang upang matiyak ang patuloy na pagkatuto ng inyong mga anak, naglunsad ang ating pamahalaan ng isang online portal na inilaan para sa pamamahala at pagbibigay ng access sa malawak na iba't ibang mga mapagkukunang pang-edukasyon, para sa lahat ng mag-aaral mula sa Kindergarten hanggang Grade 12.

Ang online portal na ito, na makikita sa [Ontario.ca/learnathome](https://www.ontario.ca/learnathome), ay binibigyang-daan ang mga mag-aaral sa bawat grade level upang patuloy na matuto habang walang pasok sa paaralan. Ang mga mapagkukunang ito ay binuo ng mga tagapagturo sa Ontario, at ang mga mapagkukunan para sa lahat ng grade ay binigyang impormasyon ng nangungunang gabay sa pag-aaral. Para sa mga mag-aaral ng nasa paaralang sekondarya, direkta kaming nagbibigay ng access sa mga online na kurso batay sa kurikulum ng Ontario.

Bagaman inutos sa mga paaralang pinopondohan ng pamahalaan na magsara hanggang Abril 6, ang kawalang katiyakan ng mga pagbabago tungkol sa COVID-19 ay nangangahulugang naghahanda tayo kung sakaling palawigin ang panahon ng pagsasara.

Partikular kaming nagsusumikap upang matiyak na maipagpapatuloy ng mga mag-aaral ang kanilang takdang-aralin at pag-iipon ng credit, kahit na wala tayo sa silid-aralan. Ang Ontario ay isang nangungunang hurisdiksyon sa pagiging available at maraming mga online na kurso, kaya ipagpapatuloy naming gamitin ang mga kagamitang ito at iba pang mga mapagkukunan upang isulong ang pag-aaral at pag-unlad ng mga mag-aaral. Nakikipagtulungan kami sa mga lupon ng paaralan upang matiyak na ang mga mag-aaral na kasalukuyang walang access sa mga computer ay makukuha ang teknolohiyang kinakailangan upang lumahok.

Alam namin na para sa mga may mga anak na nasa taon ng pagtatapos, maaaring may kawalang katiyakan sa kung makakapagtapos ang mga mag-aaral na ito. Gusto namin itong linawin: hindi maaapektuhan ng dalawang linggong pagsasara at ng mga pagbabago tungkol sa COVID-19 ang kakayahang makapagtapos ng magtatapos na estudyante. Halimbawa, kinansela ko ang mga pagtatasa ng Sangay ng Pamahalaan sa Pagsusuri ng Kalidad at Pananagutan ng Edukasyon (Education Quality and Accountability Office, EQAO) para sa taon ng eskuwelang ito. Inaprubahan ko rin ang pagbabago sa mga kinakailangan sa pagtatapos at nang sa gayon ang pagkumpleto ng Pagsusuri ng Karununganang Magbasa at Magsulat sa Paaralang Sekondarya ng Ontario (Ontario Secondary School Literacy Test, OSSLT) ay hindi magiging hadlang para sa mga magtatapos na mag-aaral. Nakikipagtulungan din kami sa Ministry ng Mga Kolehiyo at Mga Unibersidad at sa Ministry ng Trabaho, Pagsasanay at Pagpapahusay ng Mga Kakayahan upang matiyak na makakapag-apply ang mga mag-aaral sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya (kasama ang Apprenticeship, Kolehiyo at Unibersidad), anuman ang sitwasyon ngayong semestre.

Sa panahong ito, mas mahalaga ngayon na gawin natin ang bawat pag-iingat upang matiyak na, kapag bumalik sa klase ang mga mag-aaral, babalik sila sa isang ligtas at maayos na kalagayan sa pag-aaral.

Binibigyan ng Ministry ng Edukasyon ang lahat ng lupon ng paaralan ng access sa pondo para sa masusing paglilinis ng mga pasilidad ng paaralan, mga center sa pangangalaga ng bata at mga school bus. Kasunod ng panahon ng pagsasara, babawasan namin ang anumang panganib sa mga mag-aaral, mga nag-aaral at sa ating mga tagapagturo.

At para sa mga babalik mula sa paglalakbay mula sa labas ng Canada, mahalaga na sundin ninyo ang mabisang mga rekomendasyon ni Dr. Williams, Pinunong Opisyal na Pangmedikal ng Kalusugan ng Ontario

at ihiwalay ang sarili nang 14 na araw sa pagbalik ninyo at ng inyong pamilya. Ibig sabihin nito, manatili sa bahay at iwasan ang kontak sa iba pang tao upang tulungang maiwasan ang pagkalat ng sakit sa mga miyembro ng inyong pamilya na maaaring hindi ninyo kasamang naglakbay o sa inyong komunidad.

Kung sa tingin ninyo kayo o ang miyembro ng pamilya ay mayroong mga sintomas ng coronavirus (COVID-19) o nagkaroon ng malapit na kontak sa isang tao na mayroon nito, dagdag pa sa paghiwalay ng sarili, mangyaring sagutan ang pagsusuri ng sarili (self-assessment test) sa ontario.ca/coronavirus upang tulungang malaman kung paano humingi ng karagdagang pangangalaga. Bibigyan din kayo ng site na ito ng lahat ng impormasyong kailangan ninyo upang mapanatili kayo at ang inyong pamilya na malusog at ligtas.

Nakatuon ang Pamahalaan ng Ontario sa pagtiyak na manatiling ligtas at secure ang lahat ng taga-Ontario sa mahirap na panahong ito. Bilang Ministro ng Edukasyon, tinitiyak ko sa inyo na gagawa ako ng mga desisyon batay sa mga siyentipikong impormasyon, ang pinakamahusay na payo ng mga propesyonal sa kalusugan ng publiko, at palaging isinasaalang-alang ang kalusugan at kaligtasan ng inyong anak.

Habang kami ay nagpapatuloy ng aming gawain, kami ay patuloy magbibigay ng impormasyon sa inyo.

Manatiling ligtas.

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'S. Lecce', written in a cursive style.

Ang Kagalang-galang Stephen Lecce, Ministro ng Edukasyon